

1

Napangiti si Mikayla nang matanawan ang best friend niyang si Dax na nakatanaw sa kanila mula sa terrace ng kabilang mansion. Magkatabi ang malalaking bahay na tinitirhan nila. Magkatapat din ang terraces ng mga ito, kaya kapag tinatamad silang tumawid ng bakod na nagsisilbing pagitan ng dalawang mansion ay nagsisigawan na lang sila sa terrace para magkarinigan.

Hindi sila mga milyonaryo at lalong hindi sila mga may-ari ng mansion. Anak sila ng mga caretakers sa magkatabing mansion na matatagpuan sa Gibraltar Road, Baguio City. Ang binabantayan ng mga magulang niya ay ang mansion ng mga Francisco at ang kina Dax naman ay sa mga Rodriguez.

Mayayaman ang kanilang amo. Ang pamilya Francisco ay may malaking construction firm sa Maynila at ang pamilya Rodriguez ay may sariling shipping lines.

Darating ang amo ni Mikayla bukas kaya busy sila sa pagge-general cleaning. May kaselanan kasi sa kalinisan ang kanilang amo na si Salome, ayaw nito ng marumi.

Mabait ang matandang babae na kahit may pagkaistrikto sa kalinisan ay hindi ito madamot. Ito ang tumustos sa pag-aaral nila ng mga kuya niya. Naka-graduate na siya sa kursong Nursing at kalalabas lang ng resulta ng kanilang board exams. Pumasa sila

ni Dax kaya registered nurses na sila ngayon. Samantalang nauna na sa kanya na nagtapos ang mga kuya niya na sina Christian at Richard sa kursong Civil Engineering at dahil din iyan sa tulong ni Salome. Ngayon ay nagtatrabaho na ang mga ito sa construction firm ng pamilya Francisco.

Kaya nga ganoon na lang ang kanilang loyalty sa pamilya dahil malaki ang utang-na-loob nila rito. Sinabi nga ng ina niyang si Mercedes ay kahit habang-buhay raw itong maglingkod sa mga Francisco bilang caretaker sa mansion ay hindi raw sapat para makabayad sila sa kagandahang-loob ng mga ito sa kanilang magkakapatid.

Ito rin ang naitanim sa isipan ni Mika at ng dalawa niyang kapatid. Dapat lang na tumanaw sila ng utang-na-loob sa mga ito. Kung hindi dahil sa tulong ni Salome ay hindi rin sila makapagtatapos sa kanilang pag-aaral. Kaya maluwag sa loob nila na pagsilbihan ang mga ito kahit mga professional na sila ngayon.

Kunsabagay, hindi naman ganoon kahirap ang maging caretaker sa mansion. Bukod sa libreng tirahan na, libreng tubig at kuryente pa. May supply pa silang isang kabang bigas buwan-buwan maliban pa sa buwanang suweldo ng kanyang ina bilang official caretaker ng mansion. Additional benefit pa ang pagbayad ng mga ito ng kanilang tuition fee noong nag-aaral pa sila ng mga kuya niya. Sa totoo lang ay maraming naiinggit sa kanila dahil ang suwerte raw nila sa pagkakaroon ng mabait na amo.

Tatlo ang anak ng amo nilang si Salome. Ang panganay

When Love Strikes Back - Charisse Pamela

ay si Nomer na isang pilot at nakatira na sa Mexico. Mexican stewardess kasi ang napangasawa nito kaya roon na tumira ang mga ito. Ang pangalawa nitong anak na si Nathan ay isang civil engineer at siyang namamahala sa construction firm ng mga ito ngayon. Ang bunsong si Natalie ay may asawa na rin. Kakakasal lang nito noong isang taon kaya wala pa itong anak. Isa itong architect samantalang ang asawa nitong si Melvin ay isa ring engineer.

Ang nais nga ni Salome ay Engineering o Architecture ang kunin niyang kurso para sa construction firm na lang siya magtrabaho, pero ipinilit niyang kumuha ng Nursing dahil pangarap talaga niyang maging isang nurse paglaki niya.

“Ano’ng meron?” pasigaw na usisa ni Dax sa kanya.

“Darating sina Ma’am Salome bukas! Alam mo na, galit iyon sa germs!” pasigaw ring tugon niya habang pinupunasan ang kanyang pawis.

“Bakit parang biglaan naman yata?” may pagtataakang tanong nito.

Nagkibit-balikat siya. “Ma!” tugon niya na ibig sabihin ay ‘malay ko’. “Hindi ba aakyat si Ma’am Stacy?” balik niya.

Nagkibit-balikat din ito. “Aakyat ba si Sir Nathan? Kung di siya aakyat ay tiyak na di rin aakyat si Ma’am Stacy. At kung aakyat man iyon ay tiyak diyan din sa inyo tutuloy si Ma’am.”

Magkasintahan kasi ang amo nitong si Stacy at amo niyang si Nathan kaya tuwing umaakyat ang mga ito sa Baguio ay sa Francisco mansion tumutuloy.

“Halika kaya dito at tulungan mo kami tatal dito naman pala tutuloy ang amo mo kapag nagkataon.”

Natawa si Dax sa sinabi niya. Sanay na ito sa kanya. Alam nitong hindi siya masaya na nakikitang wala itong ginagawa. Madalas ngang sabihin nito na may pagkasadista siya dahil parang masakit daw ang loob niyang nakikita itong napapahinga.

“Saglit lang po. Kakain lang muna ako.” Mabilis na itong nawala sa kanyang paningin.

Pagod na sila pareho ni Dax. Tumulong nga ito sa paglilinis kaya laylay na rin ang dila nito. Nakataas na ang paa ni Mikayla at nakapatong sa kandungan ng lalaki habang pinipisil-pisil naman nito gaya ng napag-aralan nila sa reflexology class na dinaluhan nila kamakailan lang sa kanilang barangay hall. Project ito ng local government para sa mga interesadong matuto ng reflexology. Tinapos nga nila ang two-week special training na iyon kaya marami rin silang natutuhan.

“Sige, pisilin mo pa diyan. Ang sarap!” sabi niyang kontentong-kontento sa ginagawa nitong pagpisil sa kanyang mga binti.

When Love Strikes Back - Charisse Pamela

Dinalhan sila ni Mercedes ng kape upang makapagmerienda sila. Ginutom na sila sa paglilinis. “Heto, magkape tayo.” Inilapag nito ang tatlong malalaking mugs ng umuusok na kape sa ibabaw ng lamesita kasama ang cassava cake na dala ni Dax kanina. Gumagawa kasi ng native cakes ang ina nito bilang sideline. “Merienda muna.”

Tinapik ng kaibigan ang kanyang paa para alisin na niya sa kandungan nito. “Merienda raw.”

“Sige pa naman. Ang sarap, eh,” sabi niyang lalong idiniin ang pagkakapatong ng paa niya sa kandungan nito.

“Malamig na ang swimming pool.” Ang tinutukoy nito ay ang kape na nasa tila swimming pool ang laki na mga mugs. Malakas na ang tapik nito sa binti niya.

“Ouch!” Sinipa ng dalaga ang hita nito bago niya ibinaba ang paa at hinarap na rin ang merienda. “Ang tamad mong magmasahe. Alam mo bang kapag nakarating tayo sa abroad, magandang sideline ito?” Humigop siya ng kape.

“Masahistang nurse! Pambihira kang mangarap, Angit. Ang taas!” sabi nitong napailing. “Baka gusto mo na ring mag-aral na maggupit at mag-rebond,” pang-uuyam nito.

‘Angit’ ang tawagan nila ni Dax. Short for pangit. Pareho naman silang maganda at guwapo. Asaran lang nila iyon.

Na-excite siya sa narinig. “You’re such a genius, Angit. I

admire you for that! Bakit nga di tayo mag-enroll kay Ricky Reyes?”

Napanganga ito. “Ay, away na ito!”

“Shonga, mahal ang gupit sa abroad. Tara, enroll tayo habang hinihintay natin ang approval ng ating mga papeles kaysa nakatanga lang tayo dito.” Pursigido talaga siya.

“Diyos ko, ’Day!” anitong pinalantik ang daliri. “No way! Sa masahe pa ay nauto mo akong samahan kang mag-training, pero huwag naman na sa hairdressing. Ikaw din, baka matuluyan ako! Sayang ang gandang lalaki ko, ano?” Inilagay nito ang nakapilantik na kamay sa ilalim ng baba.

Napatitig siya rito bago napabunghalit ng tawa. “Ang sagwa mo!” Dinakma niya ang mukha nito at nilamukos. “Ka-pongatz pala sa unggoy kapag bakla!”

“Bruha!” turan nito sa tonong bading habang nakapilantik ang daliri.

Pati si Mercedes ay hindi na rin mapigilan ang pagtawa sa kanilang harutan.

“Kasama yatang aakyat bukas si Sir Nathan,” balita ni Mercedes habang nanonood sila ng TV matapos nilang maghapunan.

When Love Strikes Back - Charisse Pamela

Lumukso ang puso ni Mika sa narinig. Masyado siyang natuwa sa balitang sasama ang binata sa pag-akyat. Mahigit limang taon na rin kasi itong hindi nakakaakyat sa Baguio. Mula noong mamatay ang ama nito at ito na ang nag-manage sa construction firm ay nawalan na ito ng panahong sumama kina Salome at Natalie sa tuwing nagbabakasyon ang mga ito sa mansion.

Guwapo si Nathan. Matipuno ang pangangatawan at sa edad nitong twenty-eight ay napaka-successful na nito. Ang totoo ay crush na crush niya ito, pero secret niya lang iyon. Nai-reveal niya ang damdaming ito kay Dax dahil best friends sila at alam niyang hindi siya ibubuking nito sa amo nitong si Stacy.

“Mabuti at may time yata si Sir ngayon na magbakasyon dito? Tiyak kasama niyan si Ma’am Stacy.” Mabigat ang loob niya sa babae kahit wala naman itong ginagawang masama sa kanya. Ganoon yata talaga. Kung crush ang isang lalaki ay tiyak na bibigat nga ang loob sa girlfriend nito.

“Malamang hindi. Kasi sabi ng itay mo ay break na daw sila ni Ma’am Stacy,” pabulong na sabi nito.

Ang itay niyang si Fausto ay driver ni Salome kaya updated ito sa mga nangyayari.

Nanlaki ang mga mata niya sa narinig. High school pa lang siya noon ay magnobyong na ang mga ito. At sa pagkakaalam niya, mahal na mahal ni Nathan ang dalaga. Kaya nga di niya

maiwasang mainggit kay Stacy dahil napakasuwerte nito sa lalaking gusto niya. Spoiled na spoiled ito sa kanilang amo. Si Nathan ang madalas manuyo rito kapag nagkakatampuhan ang mga ito. Mataas din kasi ang pride ng babae sapagkat sobrang yaman din ng pamilya nito kaya may 'K' itong magmalaki.

“Bakit parang walang alam si Angit tungkol dito?” nagtatakang usisa niya sa ina. “Ano raw kaya ang dahilan ng hiwalayan nila?”

Nagkibit lang ng balikat si Mercedes. Mayamaya pa ay binalingan siya nito. “Hoy Mikayla! Huwag kang magtatanong sa kaibigan mo ng tungkol d'on, ha? Baka madulas ang dila mo. Alam mo na si Sir Nathan, ayaw niyang napapakialaman ang love life at personal life niya. Saka huwag mo itong mababanggit sa kabila, ha? Baka akala nila tsismosa tayo. Hayaan mo na silang makadiskubre ng sitwasyon.”

“Opo!” tugon niya. Siguro naman ay hindi siya maituturing na masama dahil nakakadama siya ngayon ng ligaya sa balitang hiwalayan ng dalawa.

Iyon lang ang pagkakataon niya para mapansin siya ng kanyang secret love. Iyong mapansin din naman sana nito na maganda rin siya.

Noong huli kasing makita siya ni Nathan ay kaga-graduate niya lang ng high school at neneng-nene pa ang hitsura niya noon. Kaya hindi na siya nagtaka nang hindi man lang siya napagtuunan

When Love Strikes Back - Charisse Pamela

ng pansin lalo pa't kasama nito si Stacy noon. Walang ginawa ang dalawa noon kundi magkulong sa kuwarto. Kapag lumalabas naman ang mga ito ay lagi pa ring magkadikit na tila kambal-tuko.

Hay, Nathan, kahit konting pagtingin lang! piping dalangin ng kanyang puso.

Patakbong binuksan ng part-timer maid na si Joy ang gate dahil dumating na ang hinihintay nilang mga amo. Nang makapasok na ang isang *Hyundai Starex* van at ang isang *Toyota Sequoia* ay mabilis di nitong isinara ang gate.

Sumalubong si Mercedes at mabilis na yumakap sa asawang si Fausto nang makababa ito sa van. Bumati rin sila kay Salome na pababa pa lang ng sasakyan matapos pagbuksan ng pinto ng driver.

Sumunod na bumaba si Natalie at ang asawa nitong si Melvin.

Bumaba sa *Toyota Sequoia* sina Richard at Christian; buong suyo ring niyakap at hinagkan ng mga ito si Mercedes. Si Richard ang nagmaneho ng sasakyan ni Nathan.

Pupungas-pungas namang bumaba ng kotse si Nathan. Halatang kagigising lang nito at tila wala sa kondisyon. Bagsak ang mga balikat nito at matamlay na matamlay ang hitsura.

“Maligayang pagdating po, Sir Nathan,” nakangiting bati

When Love Strikes Back - Charisse Pamela

ni Mercedes.

Ngumiti ito bagaman halatang pilit. Wala itong binitawang salita. Tumuloy na ito sa loob ng bahay at umakyat sa kuwarto nito.